

**5M's Tungo sa Pagpapaunlad ng Pagsulat ng Sariling Talata sa Filipino
Gamit ang Internet (ODL) ng mga Mag-aaral sa Intermedya**



MILAGROS D. NAVAL

Guro-III

Paaralang Elementarya ng Southville 5 Timbao Annex

ABSTRAK

Ang Filipino ay isa sa mga asignatura na napakahalaga sa K-12 K kurikulum kung saan ay pinagtitibay ng Kagawaran ng Wikang Pambansa at Kagawaran ng Edukasyon. Sa katunayan ay mula K-3 ay mayroon MTB kung saan ay nililina ang Sinusong Wika ng bawat rehiyon sa bansa. Naglalayon ito na mas makaintindihan ang mga Pilipino sa bansang Pilipinas saanman sila sa rehiyon gamit ang Wikang Pambansa ang Filipino. Isusulong ang Edukasyon para sa bata at para sa bansa.

Sa pagkakaroon ng COVID-19 pandemik ay nabuo ang aksiyong pananaliksik na 5M's. Gamit ang Online Distance Learning ay maipagpapatu loy ng mga bata ang kanilang pag-aaral sa Filipino sa pamamagitan ng paggawa at pagsulat ng sariling talata gamit ang makabagong teknolohiya ang internet. Kailangan nilang **mag-internet, magbasa, magsuri, magsulat at mag-enjoy** sa kanilang pag-aaral kahit sa panahon ng pandemya. Sa tulong 5M's masusubok ang kakayahan ng mga mag-aaral na makagawa ng talata na may tamang pormat o estruktura gayundin ang nilalaman nito gamit ang rubriks.

Ang 20 mga mag-aaral mula sa Baitang 4, 5 at 6 (Intermedya) na may akses sa internet ang mga magiging respondents. Sa loob ng tatlong buwan mula Marso hanggang Mayo 2021 ay maggagawa at susulat sila ng sariling talata upang ilarawan ang mga isenend na larawan ng guro sa internet. Sa buwan ng Marso ay larawan ng magagandang pook pasyalan sa Pilipinas. Buwan ng Abril ay mga larawang may kaugnayan sa Panginoon, mga kilalang tao sa bansa at pamayanan. Samantalang sa buwan ng Mayo ay mga larawang kaugnay ng Makabagong Sistema ng Edukasyon dahil sa pandemic. Ang mga respondents ay kinakailangang makasulat ng dalawang talata kada Linggo o walong talata kada buwan. Ang awtput nila ay i sesend pabalik sa pamamagitan ng online.

Susing Salita: 5M's **mag-internet, magbasa, magsuri, magsulat at mag-enjoy**

KALIGIRAN AT LAYUNIN

Labis na ikinabahala ng buong mundo ang pagkakaroon ng COVID-19 pandemic at kabilang dito ang bansang Pilipinas. Ngunit sa kabila nito, hindi nagpatinag ang bansa sa banta nito at sa halip ay naplanong mabuti upang makahanap ng tugmang solusyon para maipagpatuloy ang edukasyon ng mga bata sa tulong ng makabagong teknolohiya. Sa pamumuno ng Kalihim ng Edukasyon, Leonor Briones, napamunuan ang pagkakaroon ng New Normal of Education sa panahon ng pandemya. Naglatag ang departamento ng Basic Education Contengency Plan (BEC-LCP) para tugunan ang pangunahing pangangailangan sa edukasyon dulot ng hamon ng COVID-19. Katuwang ang DOH at ang IATF na mangangalaga sa kalusugan ng mga mamamayan upang ipagpatuloy ang pag-aaral ng mga kabataan sa K-12 kurikulum. Sa pagtutulungan ng mga paaralan, guro at magulang. sinisigurado ng Kagawaran na magkakapag-aral ang mga kabataan lalo na ang mga pampublikong paaralan. Nagkaroon din ng oryentasyon kung paano matutugunan ang pag-aaral ng mga bata gamit ang iba't ibang modalitis sa pagtuturo katulad ng Blended Learning, Online Distance Learning at Modular Delivery Learning at iba pa depende sa pangangailangan o kalalagayan ng estado sa buhay ng mga kabataan. Sa katunayan, gamit ang internet ay patuloy na nagkakaroon ng pagsasanay ang mga guro, magulang at mag-aaral. Mayroon ding DepEd TV, Radio-Based Intruction gamit ang estasyon ng Binan at tablet na ipinamigay ang SEF sa mga mag-aaral sa SH upang maka-agapay sa bagong sistema ng edukasyon. May isinisigaw rin ang

kagawaran na kahit sa facemask ng mga guro ay mababasa at nakatatak ang **SULONG EDUKALIDAD**, series of WEBINAR na may #LearsAsOnePH na

araw-araw ay makakatagpo at mapapanood sa internet ng mga guro. Nagkaroon ang Kagawaran ng Edukasyon ng mga paraan o kontengency plan kung paano makakarating sa bawat mag-aaral na nasa kani-kanilang mga tahanan ang mga aralin o kasanayan na dapat at kailangan nilang matutuhan. Tanda ito ng pagpapahalaga na hindi

dapat maisakripisyo ang edukasyon ng mga mag-aaral dahil sa pagkakaroon ng pandemya. Kailangan at karapatan ng bawat isang kabataan na magkaroon ng sapat at tamang edukasyon para maging sandigan upang maging kaisa sa pagkakaroon ng produktibong ekonomiya, matatag na pondasyon para makatulong sa pag-unlad ng bansa at higit sa lahat maging mabuti silang tao para sa kanyang sarili, pamilya, pamayanan at maging sa bansa.

Ang Paaralang Elementarya ng Southville 5 Timbao Annex ay binubuo ng mga mag-aaral mula Kindergarten hanggang Baitang 6. Ngayong taong panuruan 2020-2021 ay may 939 ang kabuuang mga mag-aaral ang nakarehistro dito. Ang 609 na mga mag-aaral ay mula sa Kindergarten hanggang Baitang tatlo samantalang may 330 bata ang bumubuo sa Baitang apat hanggang anim.

Si Gng Milagros D. Naval, koordineytor sa Filipino ng Paaaralang Elementarya ng Southville 5 Timbao Annex ay nagplanong magsagawa ng Aksyon Pananaliksik tungkol sa pagsulat ng sariling talata base sa pagsusuri sa larawang ipapadala ng guro gamit ang internet. Isasagawa ito sa loob ng anim na buwan. Ang guro ay nangangailangan ng 20 mga mag-aaral na mayroong intenet access mula sa baitang apat hanggang anim upang makagawa ng talata na mayroong 5-8 pangungusap tungkol sa larawan na isesend gamit ang internet o online. Layunin nito na hikayatin ang mga mag-aaral na maranasan ang **5M's: Mag-internet, Magbasa, Magsuri,**

Magsulat at Mag-enjoy habang nag-aaral sa bahay.

Layunin din nito na mas mapalawak ang kaalaman at imahinasyon ng mga mag-aral tungkol sa magagandang tanawin at pook pasyalan sa Pilipinas, makilala ang mga Pilipinong bayani o tao na maaari nilang maging huwaran, ang mga isyung napapanahon ang COVID-19 na naging daan ng pagkakaroon ng New Normal of Education at kung paano mapapataas ang antas ng kakayahan sa pagsulat ng talata sa Filipino ng mga mag-aaral sa intermedya. At magkakaroon din ng kasanayan ang mga mag-aaral sa pagbuo ng pangungusap gamit ang pang-uring naglalarawan sa pamamagitan ng mga nabasa at nakikita sa larawang isesend ng guro online.

MGA KAUGNAY NA LITERATURA AT PAG-AARAL

Naririto ang mga kaugnay na DepEd Order, literatura o pag-aaral na may kaugnayan sa aksyon resirts 5M's Tungo sa Pagpapaunlad ng Pagsulat ng Sariling Talata sa Filipino Gamit ang Internet ng mga Mag-aaral sa Intermedya ng Paaralang Elementarya ng Southvill 5 Timbao Annex.

DepEd ORDER No. 18 , S. 2017 Layunin ng DepEd na ang mga kabataang Pilipino mula K-12 ay matutong bumasa at maunawaan ang binabasa para makatulong sa kanilang buong buhay.

Ayon sa DepEd Order No 12, s. 2020 ay kinakailangang mapangalagaan ang kapakanang pangkalusugan pangkaisipan at kalusugang pisikal ng mga Kawani ng Edukasyon, mga mag-aaral, at mga magulang para maiwasan ang pagkalat ng COVID -19 .

DepEd Order No, 015 s. 2020, may pamantayan sa pagpapatupad may mga nakalaang gastusin (MOOE) para sa implementasyon ng Basic Learning Continuity Plan sa panahon ng pandemic.

DepEd Order No. 14, s. 2020, may sinusunod na pamantayan para pangalagaan ang Kalusugan ng Basic Education Offices and Schools gayundin aang mga mag-aaral at magulang.

Sang-ayon sa Estratehiya na isinulat ni Jennifer Bag-id ng Disyembre 13, 2014, may siyam na hakbang sa pagsulat ng talata. Naririto ang lima sa mga ito:

Panimulang Pagsulat

Brainstorming

- Focus sa patuloy at malayang pagsulat
- Mapping at webbing
- Paggamit ng mga tanong na sino, saan, kalian, paano at bakit
- Paggamit ng larawan, text, tuwirang sinabi/sipi upang gumana ang isipan

Drafting

- Pagkuha ng pinaka-mahalagang ideya
- Pagkilala sa awdyens o babasa
- Pakikipagkomperensya sa kasamahan at kaibigan
- Pag-oorganisa ng mga ediya

Rebisyon

- Pagbasa sa teksto at paglimi sa kasapatan/ kakulangan ng pagsusukat
- Pagkuha ng fidbak mula sa mga kasama upang makita kung epektibong nakapagpahayag
- Pagtatanong sa sarili tungkol sa paksa

Editing

- Pag-eedit at pagrerebisa (Ito ay ginagawa upang maging maayos ang papel, maging maganda sa paningin at maging katanggap-tanggap) Pagsulat ng talata gamit ang sariling pangungusap

Dahilan ng Pagsasagawa ng Pagsasaliksik o Pag-aaral

Nakita ng guro ang output ng mga bata sa ipinasang modyul ng Unang Markahan, na ang sagot ng mga bata ay dapat nakasulat sa talata at halos lahat ng mag-aaral ay hindi nakasagawa ng talata. Mayroon naman na nagsulat lang ng isang pangungusap para ilarawan ang aralin na natutuhan. Sa 372 batang sa intermedya ay maghahanap ang guro ng 20 bata na may access sa internet para turuan ng paggagawa o pagsulat/ pag-encode ng talata base sa larawan na isenend ng guro sa internet sa loob ng tatlong buwan dalawang beses isang Linggo.

Baitang	Bilang ng Mag-aaral sa Baitang	Bilang ng Mag-aaral na may Internet Koneksyon
Apat	145	9
Lima	86	7
Anim	141	4
Kabuuan	372	20

A.Paanong ang kinalabasan ng Unang Markahang Module ay hindi nakakagawa ang mga mag-aaral ng isang talatang maayos at sa halip ay isang pangungusap lang ito?

Ito ang naging basehan ng pag-aaral na gagawin para sa Baitang IV, V at VI (Intermedya). Sa kanilang pagtatamasa ng karapatang makapag-aral dapat kaakibat nito ang pang-unawa sa mga aralin kung

saan kabilang ang makabuluhang pagsulat ng pangungusap upang makabuo ng isang maayos na talata na mayroong 5-10 pangungusap.

B.Mungkahing Innobasyon, Interbensyon at Estratehiya

Sa simula ng unang buwan, Hulyo ay magkakaroon ng pagpupulong o google meet para mahanap ang mga bata na mayroong access sa internet. Sa sunod na tatlong buwan ay gagamit ang guro ng mga larawan mula sa internet ng mga pookpasyalan at magagandang tanawin o pook pasyalan sa Pilipinas mula sa internet upang mahikayat sila sa magandang Pilipinas at para sumulat na rin ang mga mag-aaral ng isang talatang na binubuo ng 5-10 pangungusap gamit ang pang-uring naglalarawan. Sa ikalawang buwan ng pagsusulat, gagamit ang larawan mula sa internet ng mga bayani at kilalang tao sa Pilipinas upang ilarawan ang kanilang mga nagawa at kung bakit sila naging bayani at kilalang Filipino sa lipunan. Pagdating ng ikatlong buwan ay gagamit ang guro ng larawan sa internet na may kaugnayan sa COVID-19 Virus kung kaya nagkaroon ng *New Normal of Education* sa Pilipinas at sa buong mundo.

C.Kaisipan

Ang 5M's Tungo sa Pagpapataas ng Pag-unawa at Pagkatoto sa Pagsulat ng Talata sa Filipino ng mga Mag-aaral sa Intermedya ng PaaralangElementarya ng Southville 5

Timbao Annex ay dapat maitanim sa isipan na kailangan nilang mag-aral para sa mas magandang kinabukasan gamit ang **5M's Mag-internet, Magsuri, Magbasa, Magsulat at Mag-enjoy** sa kanilang ginagawang pag-aaral para masaya at magaan ang buhay na animo ay walang problemang pinagdaraan. Maisaisip na bahagi ng buhay ang mga pagsubok na

nakutad ng COVID-19 na kailangang harapin at mapagtagumpayan. Normal lang na nagkakaproblema ang tao kaya dapat buo ang kalooban para harapin ito at mapagtagumpayan.

MGA SULIRANIN

Naririto ang mga tanong na naging gabay ng guro sa pag-aaral sa pagsasagawa ng 5M's

1. Ano-anong mga pangungusap ang dapat gamitin sa pagsulat ng talata?
2. Paano isasagawa ang 5M's ng mas epektibo?
3. Ano-anong magiging epekto sa pergormans ng mga mag-aaral ang gagawing pagsusulat ng sariling talata base sa larawang isenend ng guro sa internet?

SAKLAW NG LIMITASYON

Ang ginawang pagsasaliksik o aksyon resirts ng guro ay base sa kinalabasan ng

sinagutang modyul ng mga bata sa Unang Markahan. Isasagawa ito ngayong Hulyo – Disyembre 2021 kung saan ay nakalatag sa

talahanayan sa ibaba kung kalian gagamitin ang mga larawang isesend sa internet ni Maám Ma Teresa S. Modina. Kailangang magamit ang **5M's: Mag-iinternet, Magsusuri, Magbabasa, Magsusulat at Mag-eejoy** sa mga larawang ipadadala sa kanila at ilalarawan ang mga ito gamit ang mga pang-uring naglalarawan na binubuo ng 5-10 pangungusap. Isasagawa nila ang pagsulat ng talata dalawang beses isang Linggo. Kailangan din nila itong maipasa sa google drive o messenger para maitsek ni Maám Emmanuelita J. Alonde.

PAMAMARAAN NG PANANALIKSIK

- A. Tagatugon sa pagkalap ng datos
- B. Pagkolekta at pagkalap ng datos

Isyung Etikal

Sa pagsasaliksik na gagawin ay may kasiguruhan na hindi mapapahiya ang mag-aaral na nakakuha ng mababang iskor o pergormans sa pagsulat ng talatang nalalarawan sa isenend na larawan sa internet. At sa halip siya ay lalo pang matutulungan ng guro upang mapataas ang antas ng kanyang pagkaunawa sa pagsulat ng sariling talata gamit ang mga pangungusap at salitang naglalarawan.

IMPLIKASYON

Ang Aksyong Pananaliksik na may pamagat na 5M's Tungo sa pagpapataas ng pang-unawa at pagsulat ng sariling talatang naglalarawan tungkol sa larawan na isenend ng guro sa internet. Nakaugalian na nila na maglarawan ng mga bagay-bagay na nakikita sa paligid gamit ang mga pang-uring naglalarawan.

REKOMENDASYON

Kung magiging matagumpay ang ginawang Aksiyong Pananaliksik na ginawa ng guro sa Baitang 4-6, ang buong paaralan at maging sa distrito ang mga mag-aaral na nangangailangan pagpapataas ang pag-unawa sa pagsulat ng sariling talata gamit ang mga pangungusap na may pang-uring naglalarawan sa asignaturang Filipino gamit ang mga larawan ng tanawin ng

magandang Pilipinas, kahanga-hangang bayani at kilalang Pilipino at iba pa.

Dapat mahikayat ang mga bata na mag-aaral na mabuti at maiplay ang 5M's Mag-internet, Magbasa, Magsuri, Magsulat

at Mag-enjoy sa kanilang pag-aaral kahit panahon ng pandemya.

Dapat ding matutong magpahalaga sa kagandahan ng Pilipinas, maipagmalaki ang mga bayani at kilalang Pilipino na ginawang ng talatang naglalarawan at may kaalaman sa mga nangyayari sa Pilipinas at sa Sistema ng edukasyon ngayon.

PLANO PARA SA DISIMINASYON AT YUTILISASYON

Magkakaroon ng pagpupulong ang mga guro sa Baitang apat hanggang anim. Ang namumunong guro at pampurok na tagamasid ay magpapalano para sa mas epektibong disiminasyon at yutilisasyon ng 5M's. Pupulungin din ang mga magulang na ang mga anak ay magiging respondents gamit ang kumustahan google meet, zoom o virtual conference (online meeting). Kailangang mainporm sila sa mga gagawin o aktibidades para sa aksiyon pananaliksik na gagawin.

TALAN NG SANGGUNIAN

DepEd ORDER No. 18, s. 2017

DepEd Order No. 015, s. 2020

DepEd Order No. 012, S. 2020

<https://prezi.com>